

A Guide to
Spiritual Awakening



All is One

JUP, SODHAR, SOHILA
TAGALOG

Table of Contents

INTRODUCTION

<i>JUP</i>	1 - 82
<i>SODHAR</i>	83 - 115
<i>SOHILA</i>	116 - 128
<i>TESTIMONIALS</i>	129 - 131





Ang Gurbani (Ang mga turo ng Guru) ay isang karagatan ng Banal na Karunungan. Ito ay hindi para sa mga ritwalikstikong pagbabasa, sa halip ito ay ginagamit sa pagaaral and pagsasatupad ng pagkakaroon ng positibong transpormasyon o pagbabago sa sarili. Ang kabuoan ng Gurbani ay Patula, kaya naman ito ay nagiging komplikado kung ito ay babasahin ng nasa literal na pagsasalin. Upang maiintindihan ang mensahe ng Gurbani, ang literal na pagsasalin dito ay sadyang iniiwasan sa librong ito. Ang aming pagsisikap ay maipakita ang tuwid na mensahe ng bawat linya sa mga mambabasa. Tandaan, walang sinuman sa nakaraan, kasalukuyan, o hinaharap ang maaaring mag angkin na ang kanyang mga interpretasyon ng Gurbani ay pinal at "ang" tama. Ito rin ay ang aming mapagpakumbabang pagsisikap. Anuman ang aming naunawaan sa puntong ito ng oras, kami ay inilalathala. Pag-aralan natin ang mga turo ng Guru at ipatupad ito sa ating buhay. Hiling namin ang kabutihan para sa lahat.



Bhai Inderjit Singh Goraya

ੴ ਸਤਿ ਨਾਮੁ ਕਰਤਾ ਪੁਰਖੁ ਨਿਰਭਉ ਨਿਰਵੈਰੁ ਅਕਾਲ ਮੂਰਤਿ ਅਜੂਨੀ ਸੈਭੰ ਗੁਰ ਪ੍ਰਸਾਦਿ ॥

ikOankaar sat naam karataa purakh nirabhau niravair akaal
moorat ajoonee saibha(n) gur prasaadh ||

"Ang komposisyong ito ay karaniwang tinatawag na 'Mool Mantra'. Ang Mantar sa Sikhi ay hindi isang grupo ng mga salita na kapag binanggit ng makailang ulit ay mag resulta sa isang milagro or himala. Sa Sikhi, ang Mantar ay isang pagtuturo o karunungan ng Guru. Ang buong Gurbani ay ang Mantra na kung sasaloobin at sasabuhayin ay mag resulta ng pagiisa ng sarili at ng Dibino. Kaya ang Mool Mantra ay binubuo ng mga simpleng paniniwala ng Gurmat o kaya ay simpleng prinsipyo ng mga Karunungan ng Guru. Ang Guruji ang nagbibigay ng mga mahalagang prinsipyo patungkol sa mga banal na kabutihan na nasa Mool Mantra na naglalayon ng mga sumusunod -

1. Na matukoy at maunawaan ang Diyos gamit ang mga nabanggit na kabutihan.
2. Na habang ang Dyos ay nabubuhay sa atin ay naisasalooob natin ang mga kabutihang ito.
3. Upang gamitin ang Mool Mantra bilang pundasyon o sanguniang prinsipyo upang maintindihan ang totoong mensahe ng Gurbani.

Kaya naman makikita ng 568 na beses ang Mool Mantra sa Guru Granth Sahib upang madali itong matandaan at maisa-
isip habang ang Gurbani ay binabasa at inaaral.



Tala: Ang Mool Mantar ay hindi bahagi o parte ng Jap Bani o ng iba pang Bani. Ito ay isang malayang komposisyon, at gaya ng mga unang nasasaad ang Mool Mantar ay ang sanggunian sa pagintindi ng bawat isang shabad ng Gurbani. Kaya naman ito makailang ulit na makikita sa Guru Granth Sahib."



ikOankaar

Isang Diyos na makikita sa kalahatan. Isa para sa lahat, at lahat para sa isa. Siya ay hindi lamang makikita sa isang katawan, lugar o oras. Isang Diyos para sa lahat ng tao, lahat ng lugar at lahat ng oras.

ਸਤਿ ਨਾਮੁ

sat naam

Ang kanyang pangunahing katangian ay ang kanyang walang hanggang pag-iral. Sya ay magpakailanman. Ang kanyang pag-iral ay namumuhay sa ating mga sarili.

ਕਰਤਾ ਪੁਰਖੁ

karataa purakh

Sya ang Lumikha at naninirahan sa kanyang sariling nilikha. Ang pagkamalikhang katangian sa kanyang mga nilalang ay parte ng kanyang kabanalan



ਨਿਰਭਉ

nirabhau

Hindi sya natatakot o nagtatanim ng takot.

ਨਿਰਵੈਰੁ

niravair

Sya ay walang kaalitan or kaaway. Hindi rin sya namumuhi o pumapanig sa sino mang kumakampi laban sa iba

ਅਕਾਲ ਮੂਰਤਿ

akaal moorat

Sya ay hindi nasusukat ng panahon. Di katulad ng pisikal na mundo, Sya ay hindi nagbabago at hindi natatapos ng panahon.

ਅਜੂਨੀ

ajoonee

Sya ay hindi dumating sa kapanganakan. Kailanman ay hindi nagkatawang tao ang Diyos. Hindi sya nagkaroon ng mga magulang. Hindi sya tao.

ਸੈਭੰ

saibha(n)

Sya ay hindi nilikha ng kung sino man. Hindi niya kailanman kailangan ng tulong o suporta na galing sa iba. Sya ay nagiisa.



ਗੁਰ ਪ੍ਰਸਾਦਿ ॥

gur prasaadh ॥

Sa pagsasalooob ng maka Diyos na karunungan ng Guru lamang malalaman at makakamit ang pagiging isa sa Diyos.

॥ ਜਪੁ ॥

॥ jap ॥

"Ang tawag sa mga pagtuturo na imaitatala ay ""Jup"". Ang ""Jup"" ay ang proseso ng paninilay-nilay ng mga aral na nakapaloob sa turo ng Guru o ispiritual na Guro at kung paano ito ipapatupad sa buhay o maisabubuhay. "

ਆਦਿ ਸਚੁ ਜੁਗਾਦਿ ਸਚੁ ॥ ਹੈ ਭੀ ਸਚੁ ਨਾਨਕ ਹੋਸੀ ਭੀ
ਸਚੁ ॥੧॥

aadh sach jugaadh sach ॥

hai bhee sach naanak hosee bhee sach ॥1॥

Ito ang unang istraktura o awit ng pagtuturo ng Jup. Ang Jup ay may dalawang patulang awit o istraktura, isa sa unahan, isa sa hulihan at meron itong 38 na talata. Ang unang awit ay nangangahulugang - Ang Diyos ay kasama natin sa lahat ng panahon mula noong ating kapanganakan. Siya ay kasama din nating ngayon, at mananatiling kasama natin hanggang sa buong buhay natin.



ਸੋਚੈ ਸੋਚਿ ਨ ਹੋਵਈ ਜੇ ਸੋਚੀ ਲਖ ਵਾਰ ॥

sochai soch na hoviee je sochee lakh vaar ॥

Maari nating hugasan ang ating katawan nang daang libong beses sa banal na paglalakbay, ngunit hindi parin ito magiging kasing puro o kasing dalisay sapagkat ang karumihan ng pagiiisip ay hindi nawawala sa pagligo lamang.

ਚੁਪੈ ਚੁਪ ਨ ਹੋਵਈ ਜੇ ਲਾਇ ਰਹਾ ਲਿਵ ਤਾਰ ॥

chupai chup na hoviee je lai rahaa liv taar ॥

Maari tayong umupo at mag nilay-nilay ng matagal, ngunit ang alalahanin at kaguluhan na nasa kalooban ay hindi mawawala dahil lang ito ay iyong ginagawa.

ਭੁਖਿਆ ਭੁਖ ਨ ਉਤਰੀ ਜੇ ਬੰਨਾ ਪੁਰੀਆ ਭਾਰ ॥

bhukhiaa bhukh na utaree je ba(n)naa pureeaa bhaar ॥

Maari tayong mag ipon at magkamit ng maraming panlabas na materyal ngunit hindi nito kailanman mapupunuan ang kasiyahan na hinahangad ng ating isipan.

ਸਹਸ ਸਿਆਣਪਾ ਲਖ ਹੋਹਿ ਤ ਇਕ ਨ ਚਲੈ ਨਾਲਿ ॥

sahas siaanapaa lakh hoh ta ik na chalai naal ॥

Ang mapagkunwaring katalinuhan at kahusayan ay hindi kailan man tatahak sa tamang daan upang magkaroon ng dalisay na kalooban.



ਕਿਵ ਸਚਿਆਰਾ ਹੋਈਐ ਕਿਵ ਕੂੜੈ ਤੁਟੈ ਪਾਲਿ ॥

kiv sachiaaraa hoieeaaai kiv kooRai tuTai paal ||

Kung gayon, papaano natin makakamit ang kadalisan o ang kaliwanagan ng kalooban? Papaano ma iaalis o iwawaksi ang malisya o masamang hangarin ng kalooban?

ਹੁਕਮਿ ਰਜਾਈ ਚਲਣਾ ਨਾਨਕ ਲਿਖਿਆ ਨਾਲਿ ॥੧॥

hukam rajaiee chalanaa naanak likhiaa naal ||1||

Kapag isinabuhay ang kabanalan o Inner Divine ay saka lamang makakamit ang kalidalian ng kaloobnan.

ਹੁਕਮੀ ਹੋਵਨਿ ਆਕਾਰ ਹੁਕਮੁ ਨ ਕਹਿਆ ਜਾਈ ॥

hukamee hovan aakaar hukam na kahiaa jaiee ||

Ang pag sunod sa kabanalan o Inner Divine ay tulad din ng paglikha ng isang bagong pagkatao. Ang kalakasan at kagandahan ng banal na tinig ay hindi maisasalintulad o mailalarawan ng mga salita.

ਹੁਕਮੀ ਹੋਵਨਿ ਜੀਅ ਹੁਕਮਿ ਮਿਲੈ ਵਡਿਆਈ ॥

hukamee hovan jeea hukam milai vaddiaaiee ||

Kapag sinunod ang nakapaloob na kabanalan ay makakapag kamit ng panibangong uri ng pamumuhay. Mararanasan ang maluwalhating pamumuhay kapag ka sinunod and banal na boses.



ਹੁਕਮੀ ਉਤਮੁ ਨੀਚੁ ਹੁਕਮਿ ਲਿਖਿ ਦੁਖ ਸੁਖ ਪਾਈਅਹਿ ॥

hukamee utam neech hukam likh dhukh sukh paie'eeh ||

Ang sinumang isinabubuhay ang kabanalan ay makakamit ang naloloob na kasiyahan. Samantalang kapag ito ay hindi pinagkaingatan ay makakaranas ng kahirapan.

ਇਕਨਾ ਹੁਕਮੀ ਬਖਸੀਸ ਇਕਿ ਹੁਕਮੀ ਸਦਾ ਭਵਾਈਅਹਿ ॥

*eikanaa hukamee bakhasees ik hukamee sadhaa
bhavaie'eeh ||*

Ang sinumang magpapasakop at namumuhay sa kabanalan ay laging ipagpapala. Ang sinumang mabigong sumunod sa Banal na Kaayusam (Hukam) ay maliligaw sa buhay na walang kabuluhanan.

ਹੁਕਮੈ ਅੰਦਰਿ ਸਭੁ ਕੋ ਬਾਹਰਿ ਹੁਕਮ ਨ ਕੋਇ ॥

hukamai a(n)dhara sabh ko baahar hukam na koi ||

Ang lahat ng katagumpayan ay makakamit sa pagsunod ng banal na boses ng Diyos. Walang magandang mangyayari sa pagsuway nito.

ਨਾਨਕ ਹੁਕਮੈ ਜੇ ਬੁਝੈ ਤ ਹਉਮੈ ਕਹੈ ਨ ਕੋਇ ॥੨॥

naanak hukamai je bujhai ta haumai kahai na koi ||2||

Kapag sinunod ang pamumuhay sa kabanalan, ang kaisipan ay mailalayo sa mga malisyosong kasarilinan.



ਗਾਵੈ ਕੋ ਤਾਣੁ ਹੋਵੈ ਕਿਸੈ ਤਾਣੁ ॥

gaavai ko taan hovai kisai taan ||

Ang sinumang susunod sa banal na tinig (Banal na Kaayusan) ng Diyos ay makakapagkamit ng kalakasan na ma isasalamin sa kanilang pamumuhay

ਗਾਵੈ ਕੋ ਦਾਤਿ ਜਾਣੈ ਨੀਸਾਣੁ ॥

gaavai ko dhaat jaanai neesaan ||

Makikita or masasalamin sa buhay ng sinumang susunod sa kabanalan ang mga indikasyon o palatandaan ng isang dalisay na kalooban.

ਗਾਵੈ ਕੋ ਗੁਣ ਵਡਿਆਈਆ ਚਾਰ ॥

gaavai ko gun vaddiaaieeaa chaar ||

Kanilang ginagamit ang mga banal na kabutihan at kaluwalhatian upang ipakita ang positibong pagbabago sa isang buhay.

ਗਾਵੈ ਕੋ ਵਿਦਿਆ ਵਿਖਮੁ ਵੀਚਾਰੁ ॥

gaavai ko vidhiaa vikham veechaar ||

Pinapaniwalaan nila ang pagsasakatuparan ng kabanalang panloob na hindi kayang unawain ng iba.

ਗਾਵੈ ਕੋ ਸਾਜਿ ਕਰੇ ਤਨੁ ਖੇਹ ॥

gaavai ko saaj kare tan kheh ||

Ang sinumang namumuhay sa banal na kaayusan ay magkakamit ng maganda at dalisay na pag-iisip at maiaalis ang masamang hangarin ng kalooban.



ਗਾਵੈ ਕੋ ਜੀਅ ਲੈ ਫਿਰਿ ਦੇਹ ॥

gaavai ko jeeai lai fir dheh ||

Sa pagpapasakop sa Diyos, ay makakamit nila ang pagkakaunawa patungkol sa panloob na kadalisan at itong karunungan ito ay maipapasa sa kanilang isip, katalinuhan at kamalayan.

ਗਾਵੈ ਕੋ ਜਾਪੈ ਦਿਸੈ ਦੁਰਿ ॥

gaavai ko jaapai dhisai dhoor ||

Kanilang mapapagtanto ang Diyos sa kalooban na inaakalang nasa kalayuan.

ਗਾਵੈ ਕੋ ਵੇਖੈ ਹਾਦਰਾ ਹਦੁਰਿ ॥

gaavai ko vekhai haadharaa hadhoor ||

Ang sinumang isinabubuhay ang banal na kaayusan ay sinusunod ang Diyos ng mahigpit.

ਕਥਨਾ ਕਥੀ ਨ ਆਵੈ ਤੋਟਿ ॥

kathanaa kathee na aavai toT ||

Ang pagsunod sa banal na tinig ng Diyos ay hindi kailan man makakaranas ng pagkukulang o kakapusan.

ਕਥਿ ਕਥਿ ਕਥੀ ਕੋਟੀ ਕੋਟਿ ਕੋਟਿ ॥

kath kath kathee koTee koT koT ||

Habang patuloy nilang isinasalob at isinasabuhay ang banal na kaayusan, ang banal na kabutihan sa kanila ay mananatiling sari sari.



ਦੇਦਾ ਦੇ ਲੈਦੇ ਥਕਿ ਪਾਹਿ ॥

dhedhaa dhe laidhe thak paeh ||

Ang Diyos na nasa ating kalooban ay patuloy na magbibigay ng karunungan para sa isang dalisay na kasarilinan. At ang isip na tatanggap o susunod dito ay kalaunan ding susuko sa paggala.

ਜੁਗਾ ਜੁਗੰਤਰਿ ਖਾਹੀ ਖਾਹਿ ॥

jugaa juga(n)tar khaahee khaeh ||

Ang ganoong pag-iisip ay patuloy sa magsasaloob ng banal na karunungan na magbabago ng panloob na karumihan patungong tunay na kadalisayan.

ਹੁਕਮੀ ਹੁਕਮੁ ਚਲਾਏ ਰਾਹੁ ॥

hukamee hukam chalaae raahu ||

Kapag ating isinaiisip na sundan ang landas na ipinapakita ng kaloobang pang banal.

ਨਾਨਕ ਵਿਗਸੈ ਵੇਪਰਵਾਹੁ ॥੩॥

naanak vigaasai veparavaahu ||3||

Ang ating mga isip ay mabubuhay sa kaligayahan at ang mga takot, alalahanin at mga pagkabalisa ay maiiwan.

ਸਾਚਾ ਸਾਹਿਬੁ ਸਾਚੁ ਨਾਇ ਭਾਖਿਆ ਭਾਉ ਅਪਾਰੁ ॥

saachaa saahib saach nai bhaakhiaa bhaau apaar ||

Ang mahabaging Panginoon na may walang hanggang karunungan ay patuloy na gumagabay sa atin ng may pagmamahal



ਆਖਹਿ ਮੰਗਹਿ ਦੇਹਿ ਦੇਹਿ ਦਾਤਿ ਕਰੇ ਦਾਤਾਰੁ ॥

aakheh ma(n)geh dheh dheh dhaat kare dhaataar ॥

Sa tuwing tayo ay hihingi ng tulong o ng solusyon, ang Dyos ay laging nagbibigay ng pangunawa at pag gabay.

ਫੇਰਿ ਕਿ ਅਗੈ ਰਖੀਐ ਜਿਤੁ ਦਿਸੈ ਦਰਬਾਰੁ ॥

fer k agai rakheeaai jit dhisai dharabaar ॥

Dapat nating ibaling ang ating mga isip mula sa mga bisyo patungo sa panloob na kabanalan, upang lagi nating mahaharap ang luklukan ng Diyos sa ating kalooban.

ਮੁਹੌ ਕਿ ਬੋਲਣੁ ਬੋਲੀਐ ਜਿਤੁ ਸੁਣਿ ਧਰੇ ਪਿਆਰੁ ॥

muhau k bolan boleeaai jit sun dhare piaar ॥

Our ating isipan dapat ay parating may pakikipagusap sa Diyos upang tayo ay magkaroon ng pagmamahal sa ating kalooban.

ਅੰਮ੍ਰਿਤ ਵੇਲਾ ਸਚੁ ਨਾਉ ਵਡਿਆਈ ਵੀਚਾਰੁ ॥

a(n)mirat velaa sach naau vaddiaaiee veechaar ॥

Dapat nating gawing makabuluhan ang ating buhay o oras na hindi ginagamit sa mga bisyo, habang isinasaloob ang maluwalhating banal na kabutihan.

ਕਰਮੀ ਆਵੈ ਕਪੜਾ ਨਦਰੀ ਮੋਖੁ ਦੁਆਰੁ ॥

karamee aavai kapaRaa nadharee mokh dhuaar ॥

Mga kabutihan na kung saan tayo ay mairerespetong tunay at makakawala sa mga masasamang hangarin.



ਨਾਨਕ ਏਵੈ ਜਾਣੀਐ ਸਭੁ ਆਪੇ ਸਚਿਆਰੁ ॥੪॥

naanak evai jaaneeaaai sabh aape sachiaar ॥4॥

Sa pamamagitan ng paggawa nito ang lahat ng nasa kalooban natin ay nagiging totoo at dalisay, katulad ng Panginoon.

ਥਾਪਿਆ ਨ ਜਾਇ ਕੀਤਾ ਨ ਹੋਇ ॥

thaapiaa na jai keetaa na hoi ॥

Walang sinuman ang maaaaring magtatag o gawing makatotohanan o dalisay tayo mula sa labas.

ਆਪੇ ਆਪਿ ਨਿਰੰਜਨੁ ਸੋਇ ॥

aape aap nira(n)jan soi ॥

Ito ay mangyayari lamang kung tayo ay magpapasakop sa panloob na kabanalan, at ating palalayain ang mga sarili mula sa mga panloob na malisya.

ਜਿਨਿ ਸੇਵਿਆ ਤਿਨਿ ਪਾਇਆ ਮਾਨੁ ॥

jini seviaa tin paiaa maan ॥

Ang mga naglilingkod o sumusunod sa panloob na kabanalan ay binibiyayaan ng kaluwalhatian at katotohanan.

ਨਾਨਕ ਗਾਵੀਐ ਗੁਣੀ ਨਿਧਾਨੁ ॥

naanak gaaveeaaai guneenidhaan ॥

Ito ang paraan kung paano dapat gamitin o sundan ang banal na kaayusan upang maipatupad o matanggap ang banal na kabutihan.



ਗਾਵੀਐ ਸੁਣੀਐ ਮਨਿ ਰਖੀਐ ਭਾਉ ॥

gaaveeaaai suneeaaai man rakheeeaaai bhaau ॥

Habang isinasabuhay ang mga kabutihang ito ay natutunan din ng ating mga isip na mahalín ito.

ਦੁਖੁ ਪਰਹਰਿ ਸੁਖੁ ਘਰਿ ਲੈ ਜਾਇ ॥

dhukh parahar sukh ghar lai jai ॥

Inaalís natin ang mga paghihirap at pasakit na dulot ng mga bisyo. At darating ang mga kagalakan at kapayapaan na galing sa mga kabutihang tulad ng kasiyahan at pag titiyaga.

ਗੁਰਮੁਖਿ ਨਾਦੰ ਗੁਰਮੁਖਿ ਵੇਦੰ ਗੁਰਮੁਖਿ ਰਹਿਆ ਸਮਾਈ ॥

gurmukh naadha(n) gurmukh vedha(n) gurmukh rahiaa samaiee ॥

Ang banal na Guru na iyon na nasa loob natin ang gagabay at nagsasagawa nito.

ਗੁਰੁ ਈਸਰੁ ਗੁਰੁ ਗੋਰਖੁ ਬਰਮਾ ਗੁਰੁ ਪਾਰਬਤੀ ਮਾਈ ॥

gur ieesar gur gorakh baramaa gur paarabatee maiee ॥

Ang panloob na boses ng Guru o Karunungan ang nagaalaga, taga protekta mula sa mga bisyo, taga sagawa ng kagandahan at kadalísayan sa atin, at ang tumutulóng upang ating mapagtagumpayan ang alin mga mga kamalian.

ਜੇ ਹਉ ਜਾਣਾ ਆਖਾ ਨਾਹੀ ਕਹਣਾ ਕਥਨੁ ਨ ਜਾਈ ॥

je hau jaanaa aakhaa naahee kahanaa kathan na jaiee ॥

Kung sa tingin natin ay mapaglalampasan natin ang mga bisyo gamit lamang ang makamundong katalinuhan ng isip, ay dapat pakatandaan na ang makasariling katalinuhan ay walang kahahantungan



ਗੁਰਾ ਇਕ ਦੇਹਿ ਬੁਝਾਈ ॥

guraa ik dheh bujhaiee ||

Kaya dapat nating hilingin ang pang unawa sa karunungan panloob na ito.

ਸਭਨਾ ਜੀਆ ਕਾ ਇਕੁ ਦਾਤਾ ਸੋ ਮੈ ਵਿਸਰਿ ਨ ਜਾਈ ॥੫॥

sabhanaa jeeaa kaa ik dhaataa so mai visar na jaiee ||5||

Upang lagi nating maalala na mag pasakop sa Panginoong tagapagtustos ng kanyang banal na kaayusan (Hukam) mula sa labas at ating kalooban.

ਤੀਰਥਿ ਨਾਵਾ ਜੇ ਤਿਸੁ ਭਾਵਾ ਵਿਣੁ ਭਾਣੇ ਕਿ ਨਾਇ ਕਰੀ ॥

teerath naavaa je tis bhaavaa vin bhaane k nai karee ||

Kung tayo ay nagiging kung anong gusto ng Panginoon na tayo ay maging, saka ito magiging tunay na paglalakbay sa banal na lugar. Kung hindi naman, ano ang makukuha natin sa pagligo sa mga Banal na Lugar.

ਜੇਤੀ ਸਿਰਠਿ ਉਪਾਈ ਵੇਖਾ ਵਿਣੁ ਕਰਮਾ ਕਿ ਮਿਲੈ ਲਈ ॥

jetee siraTh upaiee vekhaa vin karamaa k milai liee ||

Ang mundong nilkha na puno ng kagandahan at kadalisan na nasa ating kaibuturan, ay hindi kailan man maangkin na walang tanggap sa banal na Kaayusan.

ਮਤਿ ਵਿਚਿ ਰਤਨ ਜਵਾਹਰ ਮਾਣਿਕ ਜੇ ਇਕ ਗੁਰ ਕੀ ਸਿਖ ਸੁਣੀ ॥

mat vich ratan javaahar maanik je ik gur kee sikh sunee ||

Sa pakikinig at pagtanggap ng mga parangal at paalala ng kabanalan ay ating mapupunuan ang talino at yaman ng banal na Karunungan.



ਗੁਰਾ ਇਕ ਦੇਹਿ ਬੁਝਾਈ ॥

guraa ik dheh bujhaiee ||

Kaya't kailangan nating humingi ng pangunawa dito mula sa banal na tagapag Turo.

ਸਭਨਾ ਜੀਆ ਕਾ ਇਕੁ ਦਾਤਾ ਸੋ ਮੈ ਵਿਸਰਿ ਨ ਜਾਈ ॥੬॥

sabhanaa jeeaa kaa ik dhaataa so mai visar na jaiee ||6||

Upang lagi nating maalala na mag pasakop sa Panginoong tagapagtustos ng kanyang banal na kaayusan (Hukam) mula sa labas at ating kalooban.

ਜੇ ਜੁਗ ਚਾਰੇ ਆਰਜਾ ਹੋਰ ਦਸੁਣੀ ਹੋਇ ॥

je jug chaare aarajaa hor dhasoonee hoi ||

Kung ating pagbubutihin ang lahat ng mga yugto ng proseso ng ating kaisipan patungkol sa Karunungan, and ating panloob na kagandahan ay lalago ng napakarami.

ਨਵਾ ਖੰਡਾ ਵਿਚਿ ਜਾਣੀਐ ਨਾਲਿ ਚਲੈ ਸਭੁ ਕੋਇ ॥


navaa kha(n)ddaa vich jaaneeai naal chalai sabh koi ||

Kung ang bawat bahagi ng ating kamalayan ay gagamit ng banal na karunungan, ay mag reresulta sa pangkalahatang pamatnubay nito patungo sa panloob na katotohanan o kadalisayan.

ਚੰਗਾ ਨਾਉ ਰਖਾਇ ਕੈ ਜਸੁ ਕੀਰਤਿ ਜਗਿ ਲੇਇ ॥

cha(n)gaa naau rakhai kai jas keerat jag lei ||

"Kung ilalagay natin sa ating mga puso ang magandang kabutihan ng pamumuhay sa banal na kaaayusan ay makakatanggap tayo ng isang tunay na pagkilala sa ating panloob na mundo."



ਜੇ ਤਿਸੁ ਨਦਰਿ ਨ ਆਵਈ ਤ ਵਾਤ ਨ ਪੁਛੈ ਕੇ ॥

je tis nadhar na aaviee ta vaat na puchhai ke ||

Ngunit kung ang ating pagtutuunan ay hindi patungo sa pagunlad na ito ay mabibigo tayo na malaman ang daanan upang maging totoo at dalisay mula sa mula sa Tagapagturo.

ਕੀਟਾ ਅੰਦਰਿ ਕੀਟੁ ਕਰਿ ਦੋਸੀ ਦੋਸੁ ਧਰੇ ॥

keeTaa a(n)dhara keeT kar dhosee dhos dhare ||

At ang sisi sa patuloy na pagbagsak ng ating kaiisipan ay nasa sa atin lamang din.

ਨਾਨਕ ਨਿਰਗੁਣਿ ਗੁਣੁ ਕਰੇ ਗੁਣਵੰਤਿਆ ਗੁਣੁ ਦੇ ॥

naanak niragun gun kare gunava(n)tiaa gun dhe ||

Kaya naman, tayo ay nararapat lamang makinig sa Kabanalan na humihikayat ng ating makasalanang pag-iisip na intindihin at walang tigil na pagbutihin ang pagsasabuhay ng mga kabutihang ito.

ਤੇਹਾ ਕੋਇ ਨ ਸੁਝਈ ਜਿ ਤਿਸੁ ਗੁਣੁ ਕੋਇ ਕਰੇ ॥੭॥


tehaa koi na sujhiee j tis gun koi kare ||7||

Walang sinumang iba ang makakapag engayo o makakapilit sa ating makasalanang pag-iisip na tahakin ang landas na ito. Ito aysarili nating paglalakbay.

ਸੁਣਿਐ ਸਿਧ ਪੀਰ ਸੁਰਿ ਨਾਥ ॥

suniaai sidh peer sur naath ||

Ang Pakikinig o Pagsuko sa panloob na boses ng Panginoon ay ay nag reresulta ng pagiging perpekto, mataas na kamalayan, banal na kabutihan, at kapangyarihang maging sariling maestro.



ਸੁਣਿਐ ਧਰਤਿ ਧਵਲ ਆਕਾਸ ॥

suniaai dharat dhaval aakaas ॥

Ang pakikinig sa kaayusang panloob ay nagbibigay ng karunungan upang suportahan, paangatin at palawakin ang taglay na kaisipan.

ਸੁਣਿਐ ਦੀਪ ਲੋਅ ਪਾਤਾਲ ॥

suniaai dheep loa paataal ॥

Ang pakikinig sa kaayusang panloob ay nagbibigay ng liwanag o karunungan sa isip na nahulog sa napakababang kamangmangan at mga bisyo.

ਸੁਣਿਐ ਪੋਹਿ ਨ ਸਕੈ ਕਾਲੁ ॥

suniaai poh na sakai kaal ॥

Sa pakikinig ng kaayusang panloob, ang kaisipan ay hindi namamatay sa mga bisyo o sa puntong wala ng balikan.

ਨਾਨਕ ਭਗਤਾ ਸਦਾ ਵਿਗਾਸੁ ॥

naanak bhagataa sadhaa vigaas ॥

Ang sino mang nakikinig o sumasailalim sa Banal na Panloob ay mabubuhay sa walang hanggang kaligayahan.

ਸੁਣਿਐ ਦੂਖ ਪਾਪ ਕਾ ਨਾਸੁ ॥੮॥੬

suniaai dhookh paap kaa naas ॥8॥

Ang pakikinig sa Banal na Panloob ay nakakawaksi ng mga kasamaan at pagdurusa na nagbunga mula masamang pagiisip.



ਸੁਣਿਐ ਈਸਰੁ ਬਰਮਾ ਇੰਦੁ ॥

suniaai ieesar baramaa i(n)dh ॥

Ang pakikinig ng Banal na Panloob ay nagbibigay ng kalakasan na bumuo ng bago at dalisay na pagkatao, na pinagyayaman ng mga kabutihan at pinamumunuan ng ating sarili.

ਸੁਣਿਐ ਮੁਖਿ ਸਾਲਾਹਣ ਮੰਦੁ ॥

suniaai mukh saalaahan ma(n)dh ॥

Ang pakikinig sa panloob na tinig ng Satguru, ang isip ay aalis sa landas ng kasamaan at babalik patungo sa banal na kabutihan.

ਸੁਣਿਐ ਜੋਗ ਜੁਗਤਿ ਤਨਿ ਭੇਦੁ ॥

suniaai jog jugat tan bhedh ॥

Sa pakikinig ng panloob na Banal ay natututunan natin ang paraan upang sumama sa kalooban ng Panginoon.

ਸੁਣਿਐ ਸਾਸਤ ਸਿਮ੍ਰਿਤਿ ਵੇਦੁ ॥

suniaai saasat simirat vedh ॥

Sa pakikinig o pagsunod sa kabanalan na nasa loob natin ay matatamo natin sa pamamagitan ng tunay na karunungan ang buhay na totoo at dalisay.

ਨਾਨਕ ਭਗਤਾ ਸਦਾ ਵਿਗਾਸੁ ॥

naanak bhagataa sadhaa vigaas ॥

Ang sino mang nakikinig o sumasailalim sa Banal na Panloob ay mabubuhay sa walang hanggang kaligayahan.



ਸੁਣਿਐ ਦੁਖ ਪਾਪ ਕਾ ਨਾਸੁ ॥੯॥

suniaai dhookh paap kaa naas ॥9॥

Ang pakikinig sa Banal na Panloob ay nakakawaksi ng mga kasamaan at pagdurusa na nagbunga mula masamang pagiisip.

ਸੁਣਿਐ ਸਤੁ ਸੰਤੋਖੁ ਗਿਆਨੁ ॥

suniaai sat sa(n)tokh giaan ॥

Sa pakikinig sa Banal na Panloob ay natututo tayo na mamuhay ng makatotohanan, may kasiyahan at kasaganahan.

ਸੁਣਿਐ ਅਠਸਠਿ ਕਾ ਇਸਨਾਨੁ ॥

suniaai aThasaTh kaa isanaan ॥

Ang pakikinig sa panloob na Guru ay para ding pagligo ng totong paglalakabay sa banal na karunungan panloob.

ਸੁਣਿਐ ਪੜਿ ਪੜਿ ਪਾਵਹਿ ਮਾਨੁ ॥

suniaai paR paR paaveh maan ॥

Sa pakikinig sa panloob na Guru o Tagapagturo ay ating sinusuri o tinutuklas ang ating kaisipan upang matamo and tunay na kaluwalhatian ng pagiging dalisay ng kalooban,

ਸੁਣਿਐ ਲਾਗੈ ਸਹਜਿ ਧਿਆਨੁ ॥

suniaai laagai sahaj dhiaan ॥

Sa pakikinig ng Banal na Panloob, ng ating kaisipan ay nakatutok sa Panloob na Panginoon sa tuloy -tuloy na pagtitimpi.

ਨਾਨਕ ਭਗਤਾ ਸਦਾ ਵਿਗਾਸੁ ॥

naanak bhagataa sadhaa vigaas ॥



"Ang sino mang nakikinig o sumasailalim sa Banal na Panloob ay mabubuhay sa walang hanggang kaligayahan.

ਸੁਣਿਐ ਦੂਖ ਪਾਪ ਕਾ ਨਾਸੁ ॥੧੦॥

suniaai dhookh paap kaa naas ||10||

Ang pakikinig sa Banal na Panloob ay nakakawaksi ng mga kasamaan at pagdurusang nagbunga mula masamang pagiisip.

ਸੁਣਿਐ ਸਰਾ ਗੁਣਾ ਕੇ ਗਾਹ ॥

suniaai saraa gunaa ke gaeh ||

Sa pakikinig ng panloob na banal, mapagtatanto natin na maraming uri ng banal na kabutihan ang mahahanap sa kalooban.

ਸੁਣਿਐ ਸੇਖ ਪੀਰ ਪਾਤਿਸਾਹ ॥

suniaai sekh peer paatisaeh ||

Sa pakikinig o pagsuko sa panloob na banal, tayo lalagong mayaman at makapangyarihan sa banal na kabutihan.

ਸੁਣਿਐ ਅੰਧੇ ਪਾਵਹਿ ਰਾਹੁ ॥

suniaai a(n)dhe paaveh raahu ||

Sa pakikinig ng panloob na banal, ang isipan na binulag ng kasamaan and mga bisyo ay makakahanap ng landas patungo sa kalinawan ng buhay.

ਸੁਣਿਐ ਹਾਥ ਹੋਵੈ ਅਸਗਾਹੁ ॥

suniaai haath hovai asagaahu ||

Sa pakikinig ng panloob na banal, mahahanap ng kaisipan ang suporta ng Banal na Karunungan sa dagat ng masamang kaugalian.



ਨਾਨਕ ਭਗਤਾ ਸਦਾ ਵਿਗਾਸੁ ॥

naanak bhagataa sadhaa vigaas ||

Ang sino mang nakikinig o sumasailalim sa Banal na Panloob ay mabubuhay sa walang hanggang kaligayahan.

ਸੁਣਿਐ ਦੁਖ ਪਾਪ ਕਾ ਨਾਸੁ ॥੧੧॥

suniaai dhookh paap kaa naas ||11||

Ang pakikinig sa Banal na Panloob ay nakakawaksi ng mga kasamaan at pagdurusa na nagbunga mula masamang pagiisip.

ਮੰਨੇ ਕੀ ਗਤਿ ਕਹੀ ਨ ਜਾਇ ॥

ma(n)ne kee gat kahee na jai ||

Ang paglaya na nakuha mula sa pagsasaloob ng banal na Kaayusan ay hindi makukuha sa mga basta-bastang salita lamang.

ਜੇ ਕੋ ਕਹੈ ਪਿਛੈ ਪਛੁਤਾਇ ॥

je ko kahai pichhai pachhutai ||

Ang sino mang magsasabi na makakamit nya ito gamit ang mga salita lamang ay manghihinayang at hindi mag tatagumpay.

ਕਾਗਦਿ ਕਲਮ ਨ ਲਿਖਣਹਾਰੁ ॥

kaagadh kalam na likhanahaar ||

Ang panloob na paglayang ito (mula sa malisya) ay hindi makakamit sa pagsusulat ng mga libro patungkol sa karunungan.



ਮੰਨੇ ਕਾ ਬਹਿ ਕਰਨਿ ਵੀਚਾਰੁ ॥

ma(n)ne kaa beh karan veechaar ॥

Ang sino mang tatanggap sa panloob na boses ng Panginoon ay may isip na nakatuon sa mga salita ng karunungan.

ਐਸਾ ਨਾਮੁ ਨਿਰੰਜਨੁ ਹੋਇ ॥

aaisaa naam nira(n)jan hoi ॥

Ang mensahe ng panloob na banal ay sagrado.

ਜੇ ਕੋ ਮੰਨਿ ਜਾਣੈ ਮਨਿ ਕੋਇ ॥੧੨॥

je ko ma(n)n jaanai man koi ॥12॥

Kung sino man ang tatanggap dito ay mapapalaya ang sarili sa mga masamang hangarin at mga bisyo.

ਮੰਨੈ ਸੁਰਤਿ ਹੋਵੈ ਮਨਿ ਬੁਧਿ ॥

ma(n)nai surat hovai man budh ॥

Sa pag tanggap sa banal na kaayusan ay matututong pangalagaan ang ating kaisipan at katalinuhan.

ਮੰਨੈ ਸਗਲ ਭਵਣ ਕੀ ਸੁਧਿ ॥

ma(n)nai sagal bhavan kee sudh ॥

Sa pamamagitan ng pag tanggap sa panloob na banal ay ating mauunawaan o malalaman ang buong panloob na mundo ng isipan.

ਮੰਨੈ ਮੁਹਿ ਚੋਟਾ ਨਾ ਖਾਇ ॥

ma(n)nai muh choTaa naa khai ॥

Sa pag tanggap ng panloob na banal ay hindi na tayo muling mapagtatagumpayan ng mga bisyo.



ਮੰਨੈ ਜਮ ਕੈ ਸਾਥਿ ਨ ਜਾਇ ॥

ma(n)nai jam kai saath na jai ||

Sa pag tanggap ng banal na kaayusan, tayo ay lilisan sa mula sa pagsama sama sa maling kaugalian.

ਐਸਾ ਨਾਮੁ ਨਿਰੰਜਨੁ ਹੋਇ ॥

aisaa naam nira(n)jan hoi ||

Ang mensahe ng panloob na banal ay sagrado.

ਜੇ ਕੋ ਮੰਨਿ ਜਾਣੈ ਮਨਿ ਕੋਇ ॥੧੩॥

je ko ma(n)n jaanai man koi ||13||

Kung sino man ang tatanggap dito ay mapapalaya ang sarili sa mga masamang hangarin at mga bisyo.

ਮੰਨੈ ਮਾਰਗਿ ਠਾਕ ਨ ਪਾਇ ॥

ma(n)nai maarag Thaak na pai ||

Sa pagtanggap ng panloob na banal, tayo ay makakasalubong ng mga balakid patungo sa landas ng panloob na kadalisan

ਮੰਨੈ ਪਤਿ ਸਿਉ ਪਰਗਟੁ ਜਾਇ ॥

ma(n)nai pat siau paragaT jai ||

Sa pagtanggap ng panloob na banal, tayo ay makakaharap ng may karangalan sa Panginoon.

ਮੰਨੈ ਮਗੁ ਨ ਚਲੈ ਪੰਥੁ ॥

ma(n)nai mag na chalai pa(n)th ||

Sa pagtanggap ng panloob na banal, ating iiwan ang mga mapagpanggap na pagtangkilik sa mga panlabas na mga ritwal.



ਮੰਨੈ ਧਰਮ ਸੇਤੀ ਸਨਬੰਧੁ ॥

ma(n)nai dharam setee sanaba(n)dh ||

Ang pagtanggap sa panloob na banal ay nagtatatag ng relasyon sa matuwid.

ਐਸਾ ਨਾਮੁ ਨਿਰੰਜਨੁ ਹੋਇ ॥

aaisaa naam nira(n)jan hoi ||

Ang mensahe ng panloob na banal ay sagrado.

ਜੇ ਕੋ ਮੰਨਿ ਜਾਣੈ ਮਨਿ ਕੋਇ ॥੧੪॥

je ko ma(n)n jaanai man koi ||14||

Kung sino man ang tatanggap dito ay mapapalaya ang sarili sa mga masamang hangarin at mga bisyo.

ਮੰਨੈ ਪਾਵਹਿ ਮੋਖੁ ਦੁਆਰੁ ॥

ma(n)nai paaveh mokh dhuaar ||

Mahamanap ang landas patungo sa panloob na pagpapalaya ng banal na karunungan sa pangtanggap ng panloob na banal.

ਮੰਨੈ ਪਰਵਾਰੈ ਸਾਧਾਰੁ ॥

ma(n)nai paravaarai saadhaar ||

Sa pagtanggap ng panloob na banal, nililinis at pinapalaya natin ang kabuuan ng ating pamilya, kaisipan at kamalayan.

ਮੰਨੈ ਤਰੈ ਤਾਰੇ ਗੁਰੁ ਸਿਖ ॥

ma(n)nai tarai taare gur sikh ||

Ang pagtanggap ng panloob na banal ay nag aalis ng mga bisyo at nagliligtas ng kabuuan ng mga proseso ng pag-iisip.

ਮੰਨੈ ਨਾਨਕ ਭਵਹਿ ਨ ਭਿਖ ॥

ma(n)nai naanak bhavah na bhikh ||

Ang pagtanggap sa panloob na banal ay magiiwan ng mga pagnanais sa kaligayahan at pagpapalaya ng mga panlabas na katagumpayan.

ਐਸਾ ਨਾਮੁ ਨਿਰੰਜਨੁ ਹੋਇ ॥

aaisaa naam nira(n)jan hoi ||

Ang mensahe ng panloob na banal ay sagrado.

ਜੇ ਕੋ ਮੰਨਿ ਜਾਣੈ ਮਨਿ ਕੋਇ ॥੧੫॥

je ko ma(n)n jaanai man koi ||15||

Kung sino man ang tatanggap dito ay mapapalaya ang sarili sa mga masamang hangarin at mga bisyo.

ਪੰਚ ਪਰਵਾਣੁ ਪੰਚ ਪਰਧਾਨੁ ॥

pa(n)ch paravaan pa(n)ch paradhaan ||

Ang kaisipan na nakikinig at tumatanggap sa panloob na banal ay tunay ngang napaliwanagan. Ito ay kinikilala ng Panginoon sa loob at nagiging may kakayahang manguna patungo sa katotohanan o kadalisan.

ਪੰਚੇ ਪਾਵਹਿ ਦਰਗਹਿ ਮਾਨੁ ॥

pa(n)che paaveh dharageh maan ||

Ang gayong maliwanag na pag-iisip ay tumatanggap ng kaluwalhatian ng pagiging pinagpala ng mga banal na kabutihan sa korte ng Panginoon.



ਪੰਚੇ ਸੋਹਹਿ ਦਰਿ ਰਾਜਾਨੁ ॥

pa(n)che soheh dhar raajaan ||

Ang naliwanagan na kaisipan ay makakatayo sa lugar or luklukan ng Panginoon na pinalamutian ng mga banal na kabutihan.

ਪੰਚਾ ਕਾ ਗੁਰੁ ਏਕੁ ਧਿਆਨੁ ॥

pa(n)chaa kaa gur ek dhiaan ||

Ang napaliwanagan na kaisipan ay laging nakatuon sa karunungan ng Panloob na tagapag Turo.

ਜੇ ਕੋ ਕਹੈ ਕਰੈ ਵੀਚਾਰੁ ॥

je ko kahai karai veechaar ||

Kung sino man ang nagsasagawa o nagsasanay ng banal na kaayusan.

ਕਰਤੇ ਕੈ ਕਰਣੈ ਨਾਹੀ ਸੁਮਾਰੁ ॥

karate kai karanai naahee sumaar ||

Ay mapagtatanto na ang lahat ng napakalaki o napakalawak na pagpapalang ito ay namumula sa Panginoon.

ਧੌਲੁ ਧਰਮੁ ਦਇਆ ਕਾ ਪੂਤੁ ॥

dhauul dharam dhiaa kaa poot ||

Ang naliwanagan na kaisipan at nag kakaroon ng habag sa ating panloob na kalagayan, at ang habang na iyon ay magsisilang ng isang pagnanasa na suportahan ang panloob na buhay na mayroong banal na karunungan.



ਸੰਤੋਖੁ ਥਾਪਿ ਰਖਿਆ ਜਿਨਿ ਸੂਤਿ ॥

sa(n)tokh thaap rakhiaa jin soot ||

Ang banal na Karunungan ay nagbibigay sa panloob na sarili ng mga kasiyahan na tumutulong sa isip na manatili sa landas ng katotohanan at kadalisan

ਜੇ ਕੋ ਬੁਝੈ ਹੋਵੈ ਸਚਿਆਰੁ ॥

je ko bujhai hovai sachiaar ||

Kapag ang isang tao ay isinasalob at isinasatupad ang gayong karunungan sa panloob na sarili, sya ay nagiging tapat o puro ang kalooban.

ਧਵਲੈ ਉਪਰਿ ਕੇਤਾ ਭਾਰੁ ॥

dhavalai upar ketaa bhaar ||

Ang pagkahabag na ito sa panloob na estado ay nangyayari lamang kapag napagtanto natin kung gaano ma kabigat ang ating kamalayan pagdating sa mga bisyo

ਧਰਤੀ ਹੋਰੁ ਪਰੈ ਹੋਰੁ ਹੋਰੁ ॥

dharatee hor parai hor hor ||

Hindi lang isa kundi mararaming uri ng bisyo o kasamaan ang nasa kalooban natin.

ਤਿਸ ਤੇ ਭਾਰੁ ਤਲੈ ਕਵਣੁ ਜੋਰੁ ॥

tis te bhaar talai kavan jor ||

Anong suporta ang hiinahangad natin laban sa mga panloob na pasanang ito? (Wala). Kaya naman ang pag-iisip ay patuloy na nag-aalinlangan o nag-aalala, natatakot o kaya naman ay nababalisa.



ਜੀਅ ਜਾਤਿ ਰੰਗਾ ਕੇ ਨਾਵ ॥

jeea jaat ra(n)gaa ke naav ॥

Tayo ay nabubuhay at namamatay sa maraming mataas at mababang iba't ibang uri ng panloob na buhay.

ਸਭਨਾ ਲਿਖਿਆ ਵੁੜੀ ਕਲਾਮ ॥

sabhanaa likhiaa vuRee kalaam ॥

Ang naliwanagang pag-iisip ay patuloy na umuukit o nagpapatupad ng mga banal na karunungan sa panloob na sarili nito para sa pagbabago.

ਏਹੁ ਲੇਖਾ ਲਿਖਿ ਜਾਣੈ ਕੋਇ ॥

eh lekhaa likh jaanai koi ॥

Kung sino man ang matututo na dalhin ang pagbabagong ito sa kanilang kalooban.

ਲੇਖਾ ਲਿਖਿਆ ਕੇਤਾ ਹੋਇ ॥

lekhaa likhiaa ketaa hoi ॥

Ay magkakaroon ng patuloy na kahanga-hangang paglago sa mga banal na kabutihang panloob na mga ito.

ਕੇਤਾ ਤਾਣੁ ਸੁਆਲਿਹੁ ਰੂਪੁ ॥

ketaa taan suaalih roop ॥

Ang kapangyarihan ng mga kabutihang ito ay ang humuhubog sa mga banal na kagandahang panloob ng sarili.

ਕੇਤੀ ਦਾਤਿ ਜਾਣੈ ਕੌਣੁ ਕੂਤੁ ॥

ketee dhaat jaanai kauan koot ॥

Walang sino man ang may kapangyarihan o kakayanang makapag sukat kung gaano sila pinagpapala ng mga kabutihang nagmula sa panloob na Diyos.



ਕੀਤਾ ਪਸਾਉ ਏਕੋ ਕਵਾਉ ॥

keetaa pasaau eko kavaau ॥

Itong buong kahanga-hanga o magandang paglawak ng panloob na paglago ng sarili ay nangyayari lamang sa pamamagitan ng isang kilos, ito at ang pagsunod o pagunawa sa tinig ng Panginoon.

ਤਿਸ ਤੇ ਹੋਏ ਲਖ ਦਰੀਆਉ ॥

tis te hoe lakh dhareeaaau ॥

Ang isang pagkilos na ito ng pakikinig o paguunawa sa mga Utos ng Panginoon ay lumilikha ng mga malalawak na daloy ng banal na karunungan sa kabuuan ng ating pagkatao.

ਕੁਦਰਤਿ ਕਵਣ ਕਹਾ ਵੀਚਾਰੁ ॥

kudharat kavan kahaa veechaar ॥

Ang mga ganitong hindi madaling intindihin o unawain ay ang mga likas na katangian ng mga kaayusan at pananaw ng banal na panloob.

ਵਾਰਿਆ ਨ ਜਾਵਾ ਏਕ ਵਾਰ ॥

vaariaa na jaavaa ek vaar ॥

Ang magagawa lang natin ay ang pagsuko o pagsunod sa mga ito hanggang sa huli ng ating kabuuan.

ਜੋ ਤੁਧੁ ਭਾਵੈ ਸਾਈ ਭਲੀ ਕਾਰ ॥

jo tudh bhaavai saiee bhalee kaar ॥

At maniwala na kung ano mang mula sa atin ang ninanais ng ating pahloob na Panginoon ay ang pinakamabuti o kapaki-pakinabang na ipatupad sa ating mga buhay.



ਤੂ ਸਦਾ ਸਲਾਮਤਿ ਨਿਰੰਕਾਰ ॥੧੬॥

too sadhaa salaamat nira(n)kaar ||16||

Dapat nating pangalagaan ang Poong Panginoon sa pamamagitan ng pangtanggap sa kanyang mga utos.

ਅਸੰਖ ਜਪ ਅਸੰਖ ਭਾਉ ॥

asa(n)kh jap asa(n)kh bhaau ||

Ang ating mga pananaw ay tumataas sa pagpapatupad ng mga banal na karunungan, at napapagtanto na tayo ay may roong walang katapusang kapangyarihan upang maisagawa ang kabutihan at kasamaan. Ang kaliwanagang pagiisip na ito ay nagbabatid na ang ating kalooban ay may walang limitasyon kakayahang tumuon at magmahal.

ਅਸੰਖ ਪੂਜਾ ਅਸੰਖ ਤਪ ਤਾਉ ॥

asa(n)kh poojaa asa(n)kh tap taau ||

Walang katapusang kakayahan ang nananahan sa kalooban ng isipan upang sumamba o sumuko sa kaisipan at wala din itong limitasyon sa pag sagawa ng mga paghihirap sa ano mang kadahilanan.

ਅਸੰਖ ਗਰੰਥ ਮੁਖਿ ਵੇਦ ਪਾਠ ॥


asa(n)kh gara(n)th mukh vedh paaTh ||

Mayroong walang limistasyong kakayahan sa aking sarili na magbasa at pagaralan ang ano mang uri ng mga kaalaman.

ਅਸੰਖ ਜੋਗ ਮਨਿ ਰਹਿ ਉਦਾਸ ॥

asa(n)kh jog man raheh udhaas ||

Ang aking kaisipan ay may malawak na kakayahan na ihiwalay ang sarili sa anumang mga uri ng paggambala para sa anumang partikular na layunin.



ਅਸੰਖ ਭਗਤ ਗੁਣ ਗਿਆਨ ਵੀਚਾਰ ॥

asa(n)kh bhagat gun giaan veechaar

Mayroon akong ka walang limitasyon na kakayahan na mapagtanto at magpatupad ng mg a banal na kabutihan.

ਅਸੰਖ ਸਤੀ ਅਸੰਖ ਦਾਤਾਰ ॥

asa(n)kh satee asa(n)kh dhaataar ॥

Ang aking kaisipan ay may malawak na kapasidad na magpatibay ng mga mabubuti at banal na katangian at iwanan ang pagiging makasarili sa sa pagsasagawa ng mga pagsasanay.

ਅਸੰਖ ਸੂਰ ਮੁਹ ਭਖ ਸਾਰ ॥

asa(n)kh soor muh bhakh saar ॥

Ako ay may walang limitasyon na kakayahan sa aking kalooban na harapin ang anumang mga uri ng hamon.

ਅਸੰਖ ਮੋਨਿ ਲਿਵ ਲਾਇ ਤਾਰ ॥

asa(n)kh mon liv lai taar ॥

Ang pagiiisip na tapat sa banal na kaayusan/pananaw ay mapagtatanto na mayroong walang katapusang kalakasan sa kaibuturan na umupo ng nakatutok at mahinahon.

ਕੁਦਰਤਿ ਕਵਣ ਕਹਾ ਵੀਚਾਰੁ ॥

kudharat kavan kaha veechaar ॥

Ang mga ganitong hindi madaling intindihin o unawain ay ang mga likas na katangian ng mga kaayusan at pananaw ng banal na panloob.



ਵਾਰਿਆ ਨ ਜਾਵਾ ਏਕ ਵਾਰ ॥

vaariaa na jaavaa ek vaar ॥

Ang magagawa lang natin ay ang pagsuko o pagsunod sa mga ito hanggang sa huli ng ating kabuuan.

ਜੋ ਤੁਧੁ ਭਾਵੈ ਸਾਈ ਭਲੀ ਕਾਰ ॥

jo tudh bhaavai saiee bhalee kaar ॥

At maniwala na kung ano mang mula sa atin ang ninanais ng ating panloob na Panginoon ay ang pinakamabuti o kapaki-pakinabang na ipatupad sa ating mga buhay.

ਤੂ ਸਦਾ ਸਲਾਮਤਿ ਨਿਰੰਕਾਰ ॥੧੭॥

too sadhaa salaamat nira(n)kaar ॥17॥

Dapat nating pangalagaan ang Poong Panginoon sa pamamagitan ng pangtanggap sa kanyang mga utos.

ਅਸੰਖ ਮੂਰਖ ਅੰਧ ਘੋਰ ॥

asa(n)kh moorakh a(n)dh ghor ॥

Ang pagiiisip na naliwanagan ay nauunawaan na tayo ay mayroong walang hanggangang kakayahan na umakto sa kalokohan o kahangalan patungo sa mga nakabubulag na masamang gawain.

ਅਸੰਖ ਚੋਰ ਹਰਾਮਖੋਰ ॥


asa(n)kh chor haraamakhor ॥

Sa aking kalooban ay may mga hindi mabilang na paguugali ng pandaraya at pagnanakaw.

ਅਸੰਖ ਅਮਰ ਕਰਿ ਜਾਹਿ ਜੋਰ ॥

asa(n)kh amar kar jaeh jor ॥

Sa aking kalooban matatagpuan ang mga hindi mabilang na masasamang kakayahang magkanulo o magnakaw.



ਅਸੰਖ ਗਲਵਚ ਹਤਿਆ ਕਮਾਹਿ ॥

asa(n)kh galavadd hatiaa kamaeh ||

Sa aking kalooban ay may hindi mabilang na masamang kaugalian na pumapatay o pumipigil sa kabutihang panloob.

ਅਸੰਖ ਪਾਪੀ ਪਾਪੁ ਕਰਿ ਜਾਹਿ ॥

asa(n)kh paapee paap kar jaeh ||

Sa aking kalooban ay may hindi mabilang na kasalanan o masasamang kaisipan na kung saan ako ay nakagawa ng mga kaganapan na hindi sumusunod sa banal na kalooban.

ਅਸੰਖ ਕੂੜਿਆਰ ਕੂੜੇ ਫਿਰਾਹਿ ॥

asa(n)kh kooRiaar kooRe firaeh ||

Sa aking kalooban ay ang aking pagiisip na puno ng walang katapusang malisya na patuloy na nagsasagawa ng kasamaan.

ਅਸੰਖ ਮਲੇਛ ਮਲੁ ਭਖਿ ਖਾਹਿ ॥

asa(n)kh malechh mal bhakh khaeh ||

Sa aking kalooban ay may iba't ibang uri ng mga masasamang paguugali na naghihimok ng kasamaan at magdusa sa mga ito.

ਅਸੰਖ ਨਿੰਦਕ ਸਿਰਿ ਕਰਹਿ ਭਾਰੁ ॥

asa(n)kh ni(n)dhak sir kareh bhaar ||

Sa aking kalooban ay may hindi mabilang na kaisipan na nagaalis ng pagalang o pag respeto sa banal kalooban ay nagiipon ng pasanin ng mga bisyo sa aking kamalayan.



ਨਾਨਕੁ ਨੀਚੁ ਕਹੈ ਵੀਚਾਰੁ ॥

naanak neech kahai veechaar ||

Ang isang isip na nakatuon sa Banal na Kaayusan ay napagtanto na ako ay namumuhay nang mababa sa mga bisyo, at kailangan kong makinig sa banal na Kalooban upang makabangon mula rito

ਵਾਰਿਆ ਨ ਜਾਵਾ ਏਕ ਵਾਰ ॥

vaariaa na jaavaa ek vaar ||

Ang magagawa lang natin ay sumuko dito hanggang sa huli ng ating kabuuan

ਜੋ ਤੁਧੁ ਭਾਵੈ ਸਾਈ ਭਲੀ ਕਾਰ ॥

jo tudh bhaavai saiee bhalee kaar ||

At maniwala na kung ano mang mula sa atin ang ninanais ng ating panloob na Panginoon ay ang pinakamabuti o kapaki-pakinabang na ipatupad sa ating mga buhay.

ਤੂ ਸਦਾ ਸਲਾਮਤਿ ਨਿਰੰਕਾਰ ॥੧੮॥

too sadhaa salaamat nira(n)kaar ||18||

Dapat nating pangalagaan ang Poong Panginoon sa pamamagitan ng pangtanggap sa kanyang mga utos.

ਅਸੰਖ ਨਾਵ ਅਸੰਖ ਥਾਵ ॥

asa(n)kh naav asa(n)kh thaav ||

Napagtatanto ng naliwanagan na isipan na mayroong hindi mabilang na mga upuan ng Panginoon sa loob at labas, at bawat bahagi ng buong nilikhang ito -sa loob at labas- ay pinamamahalaan ng mga batas ng Panginoon.



ਅਗੰਮ ਅਗੰਮ ਅਸੰਖ ਲੋਅ ॥

aga(n)m aga(n)m asa(n)kh loa ॥

Napagtatanto ng isa na nagsasalooob ng Banal na Kaayusan na ang paglikha sa loob at labas ko ay may maraming mga baitang/lawak.

ਅਸੰਖ ਕਹਹਿ ਸਿਰਿ ਭਾਰੁ ਹੋਇ ॥

asa(n)kh kaheh sir bhaar hoi ॥

Hindi mabilang na beses ang aking isip ay nananatiling may panghihinayang/pagkabigo kapag sinusubukang unawain ang paglikha

ਅਖਰੀ ਨਾਮੁ ਅਖਰੀ ਸਾਲਾਰ ॥

akharee naam akharee saalaeh ॥

"Walang higit sa Kaayusan at kaluwalhatian ng Panginoon

ਅਖਰੀ ਗਿਆਨੁ ਗੀਤ ਗੁਣ ਗਾਹ ॥

akharee giaan geet gun gaeh ॥

"At walang kapantay ang gayong pag-iisip na nagsalooob o nagpapatupad ng karunungan na nagmula sa maluwalhating Kaayusan.

ਅਖਰੀ ਲਿਖਣੁ ਬੋਲਣੁ ਬਾਣਿ ॥

akharee likhan bolan baan ॥

Ang naliwanagang isipan ay nagsasanay ng mabubuti at nakapang hihikayat na mga kaisipan.

ਅਖਰਾ ਸਿਰਿ ਸੰਜੋਗੁ ਵਖਾਣਿ ॥

akharaa sir sa(n)jog vakhaan ॥

Sa pakikinig o pagsunod sa banal na kalooban, naisusulat o nakakamit nito ang magandang kapalaran ng pagigising isa sa banal na panloob.

ਜਿਨਿ ਏਹਿ ਲਿਖੇ ਤਿਸੁ ਸਿਰਿ ਨਾਹਿ ॥

jin eh likhe tis sir naeh ॥

Ang sino mang makakapagkamit ng Banal na Kabutihan sa pag sunod sa Banal na Kaayusan (Hukam) ay makakapag alis ng mga kabigatan ng mga masasamang kaugalian sa kamalayan.

ਜਿਵ ਫੁਰਮਾਏ ਤਿਵ ਤਿਵ ਪਾਹਿ ॥

jiv furamaae tiv tiv paeh ॥

Habang ginagamit ang mga banal na Kabutihan ay nakakatanggap ito ng higit pang mga Kabutihan.

ਜੇਤਾ ਕੀਤਾ ਤੇਤਾ ਨਾਉ ॥

jetaa keetaa tetaa naau ॥

At kahit pagkatapos matanggap ang mga Kabutihan na ito ay alam nito ang mga pagbabago at pagpapala ng Banal na Kaayusan ay kahanga-hanga.

ਵਿਣੁ ਨਾਵੈ ਨਾਹੀ ਕੋ ਥਾਉ ॥

vin naavai naahee ko thaau ॥

Walang ibang suporta maliban sa Banal na Kaayusan ang makakapag pahinga ng isipan.

ਕੁਦਰਤਿ ਕਵਣ ਕਹਾ ਵੀਚਾਰੁ ॥

vin naavai naahee ko thaau ॥

Ang gayong kahanga-hanga ay ang kalikasan o kabisaan ng banal na panloob.



ਵਾਰਿਆ ਨ ਜਾਵਾ ਏਕ ਵਾਰ ॥

vaariaa na jaavaa ek vaar ॥

Ang isip ay maaari lamang maging isang sakripisyo (upang maging ganap ang pagpapasakop) sa gayong Banal sa kalooban.

ਜੋ ਤੁਧੁ ਭਾਵੈ ਸਾਈ ਭਲੀ ਕਾਰ ॥

jo tudh bhaavai saiee bhalee kaar ॥

At mapaunlad ang pananampalataya ng kung anuman ang nais o plano ng banal na kalooban para sa akin, ay ang pinakamabuti.

ਤੂ ਸਦਾ ਸਲਾਮਤਿ ਨਿਰੰਕਾਰ ॥੧੯॥

too sadhaa salaamat nira(n)kaar ॥19॥

O aking kaisipan! Dapat mong laging itaguyod o pangalagaan ang makadiyos na Kaayusan o tinig ng Banal na Kalooban.

ਭਰੀਐ ਹਥੁ ਪੈਰੁ ਤਨੁ ਦੇਹ ॥

bhareeaaai hath pair tan dheh ॥

Kapag ang ating katawan ay nadumihan

ਪਾਣੀ ਧੋਤੈ ਉਤਰਸੁ ਖੇਹ ॥

paanee dhotai utaras kheh ॥

Ito ay ating huhugasan ng tubig

ਮੂਤ ਪਲੀਤੀ ਕਪੜੁ ਹੋਇ ॥

moot paleetee kapaR hoi ॥

Kapag ang kasuotan ang nadumihan

ਦੇ ਸਾਬੂਣੁ ਲਈਐ ਓਹੁ ਧੋਇ ॥

dhe saaboon lieeaaai oh dhoi ॥

Lalabhan natin ito gamit ng sabon



ਭਰੀਐ ਮਤਿ ਪਾਪਾ ਕੈ ਸੰਗਿ ॥

bhareeai mat paapaa kai sa(n)g ||

Ang aking pag-iisip ay puno ng malisya

ਓਹੁ ਧੋਪੈ ਨਾਵੈ ਕੈ ਰੰਗਿ ॥

oh dhopai naavai kai ra(n)g ||

Ang malisyang ito ay nawawala lamang sa pag sunod or pakikinig sa panloob na banal.

ਪੁੰਨੀ ਪਾਪੀ ਆਖਣੁ ਨਾਹਿ ॥

pu(n)nee paapee aakhan naeh ||

Hindi tayo maaaring maging mabuti o masama sa pamamagitan lamang ng pagsasalita.

ਕਰਿ ਕਰਿ ਕਰਣਾ ਲਿਖਿ ਲੈ ਜਾਹੁ ॥

kar kar karanaa likh lai jaahu ||

Kahit ano man, mabuti o masama na ginagawa natin sa ating panloob na pag-iisip at binubuo natin ang ating reyalidad sa ganoon

ਆਪੇ ਬੀਜਿ ਆਪੇ ਹੀ ਖਾਹੁ ॥

aape beej aape hee khaahu ||

Anuman (mabuti o masama) ang itinanim natin sa lupa ng ating isipan, ay nagiging pagkain para sa ating kamalayan o mga pagpapahalaga

ਨਾਨਕ ਹੁਕਮੀ ਆਵਹੁ ਜਾਹੁ ॥੨੦॥

naanak hukamee aavahu jaahu ||20||

Ang mga nalikom na halagang ito ay humahantong sa ating panloob na kagalakan at pagdurusang ayon sa Banal na Utos (Hukam)



ਤੀਰਥ ਤਪੁ ਦਇਆ ਦਤੁ ਦਾਨੁ ॥

teerath tap dhiaa dhat dhaan ||

Maaari tayong pumunta o maglakbay sa mga banal na lugar at gumawa ng mga pagkakawanggawa na mula sa awa

ਜੇ ਕੋ ਪਾਵੈ ਤਿਲ ਕਾ ਮਾਨੁ ॥

je ko paavai til kaa maan ||

Ngunit ang mga panlabas na ritwal na ito na nagdudulot lamang ng kakaunti and pansamantalang kabutihan, dahil wala paring nababago sa kalooban o kaibuturan.

ਸੁਣਿਆ ਮੰਨਿਆ ਮਨਿ ਕੀਤਾ ਭਾਉ ॥

suniaa ma(n)niaa man keetaa bhaau ||

Pero kung tayo ay magsisimulang makinig at tumanggap sa panloob na boses ng konsensya at ang pagmamahal at pananampalataya dito ay pauunlarin.

ਅੰਤਰਗਤਿ ਤੀਰਥਿ ਮਲਿ ਨਾਉ ॥

a(n)taragat teerath mal naau ||

Tayo ay makakalikha ng banal na paglalakbay sa ating kalooban na kung saan ang ating kaisipan ay patuloy na naliligo upang maging puro o malinis sa lahat ng masasamang hangarin.

ਸਭਿ ਗੁਣ ਤੇਰੇ ਮੈ ਨਾਹੀ ਕੋਇ ॥

sabh gun tere mai naahee koi ||

Ang kaisipang tulad nito ay napagtatanto na ang Panloob na Panginoon ay ang dagat ng banal na kabutihan na wala sa aking kalooban o sarilii.



ਵਿਣੁ ਗੁਣ ਕੀਤੇ ਭਗਤਿ ਨ ਹੋਇ ॥

vin gun keete bhagat na hoi ||

At kung ako ay hindi magsasalooob o uunawa sa mga kabutihang ito ay hindi magkakaroon ng debosyon (Ang lahat ng panlabas na pilgrimages, kawanggawa, pagsamba ay walang debosyon)

ਸੁਅਸਤਿ ਆਥਿ ਬਾਣੀ ਬਰਮਾਉ ॥

suasat aath baanee baramaau ||

Kapag ang kaisipan ay nakaunawa nito ay saka lamang ito makakarating sa Panloob na tinig ng Panginoon na lumilikha ng mga kababalaghan.

ਸਤਿ ਸੁਹਾਣੁ ਸਦਾ ਮਨਿ ਚਾਉ ॥

sat suhaan sadhaa man chaau ||

Na kung saan laging may kaligayahan at kagalakan upang maging totoo o dalisay mula sa kalooban.

ਕਵਣੁ ਸੁ ਵੇਲਾ ਵਖਤੁ ਕਵਣੁ ਕਵਣ ਥਿਤਿ ਕਵਣੁ ਵਾਰੁ ॥

kavanu su velaa vakhat kavan kavan thit kavan vaar ||

(Ang gayong kasiya-siyang pagiisip ay nakapahinga na at walang pagmamadali o pagdududa tungkol sa) Sa anong oras, anong petsa, anong araw

ਕਵਣਿ ਸਿ ਰੁਤੀ ਮਾਹੁ ਕਵਣੁ ਜਿਤੁ ਹੋਆ ਆਕਾਰੁ ॥

kavan s rutee maahu kavan jit hoaa aakaar ||

Aling panahon at aling buwan ko makukuha ang pagkumpleto o pagkakaisa sa Diyos sa loob. (Hindi ito naghihintay ng isang partikular na oras, at sa halip ay patuloy na gumagana nang may pasensya)



ਵੇਲ ਨ ਪਾਈਆ ਪੰਡਤੀ ਜਿ ਹੋਵੈ ਲੇਖੁ ਪੁਰਾਣੁ ॥

vel na paieeaa pa(n)ddatee j hovai lekh puraana ||

Maaari akong maging isang iskolar at magsulat ng mga libro ngunit ang karunungan o pagkakataon upang makilala ang Panginoon ay hindi nagmumula sa panlabas na katalinuhan

ਵਖਤੁ ਨ ਪਾਇਓ ਕਾਦੀਆ ਜਿ ਲਿਖਨਿ ਲੇਖੁ ਕੁਰਾਣੁ ॥

vakhat na paio kaadheaaa j likhan lekh kuraana ||

Maaaring basahin at isulat ng isang tao ang lahat ng mga relihiyosong teksto ngunit ang paraan upang makilala ang panloob na Panginoon ay hindi nagmumula sa labas.

ਥਿਤਿ ਵਾਰੁ ਨਾ ਜੋਗੀ ਜਾਣੈ ਰੁਤਿ ਮਾਹੁ ਨਾ ਕੋਈ ॥

thit vaar naa jogee jaanai rut maahu naa koiee ||

Ang isang tao ay maaaring maging isang Yogi, ngunit sa kanyang mga Yogic na gawa ay hindi maaaring ilarawan ang petsa-araw-panahon para sa pagkakaisa sa panloob na Banal. (Ito ay isang patuloy na proseso na nangyayari sa kalooban)

ਜਾ ਕਰਤਾ ਸਿਰਠੀ ਕਉ ਸਾਜੇ ਆਪੇ ਜਾਣੈ ਸੋਈ ॥

jaa karataa siraThee kau saaje aape jaanai soiee ||

Ang isang taong naglalakad sa landas na sinabi ng panloob na Banal ay napagtanto na ang Panginoon ay nasa likod ng kamangha-manghang paglikha ng aking kabutihan.

ਕਿਵ ਕਰਿ ਆਖਾ ਕਿਵ ਸਾਲਾਹੀ ਕਿਉ ਵਰਨੀ ਕਿਵ ਜਾਣਾ ॥

kiv kar aakhaa kiv saalaahee kiau varanee kiv jaanaa ||

Hindi ko kayang likhain o pahalagahan, o intindihin man lang ang ganon kagandang panloob na nilikha gamit ang sarili kong malisyosong karunungan.

ਨਾਨਕ ਆਖਣਿ ਸਭੁ ਕੋ ਆਖੈ ਇਕ ਦੁ ਇਕੁ ਸਿਆਣਾ ॥

naanak aakhan sabh ko aakhai ik dhoo ik siaanaa ||

Bagama't ang aking talino na pinamumunuan ng tiwaling pag-iisip ay may sariling makamundong talino ng mga kaisipan o panlilinlang (ngunit wala sa mga ito ang gumagana sa landas na iyon)

ਵਡਾ ਸਾਹਿਬੁ ਵਡੀ ਨਾਈ ਕੀਤਾ ਜਾ ਕਾ ਹੋਵੈ ॥

vaddaa saahib vaddee naiee keetaa jaa kaa hovai ||

Ang Panginoon na naninirahan sa loob ko ay kataas-taasan, ang Kanyang Kautusan o Pangitain ay nakahihigit na maaaring magdala ng anumang kabutihan sa akin

ਨਾਨਕ ਜੇ ਕੋ ਆਪੋ ਜਾਣੈ ਅਗੈ ਗਇਆ ਨ ਸੋਹੈ ॥੨੧॥

naanak je ko aapau jaanai agai giaa na sohai ||21||

At kung ang isang tao ay nag-iisip na magagawa niya ito sa kanyang sariling talino, hindi siya maaaring magpatuloy pa tungo sa kaluwalhatian ng mga Banal na Kabutihan.

ਪਾਤਾਲਾ ਪਾਤਾਲ ਲਖ ਆਗਾਸਾ ਆਗਾਸ ॥

paataalaa paataal lakh aagaasaa aagaas ||

(Ang aming panlabas na katalinuhan ay nagsisikap na hanapin ang mga kasukdulan ng panlabas na mundo, ngunit hindi ko napagtanto na) Mayroon akong mataas at mas mataas pa na mga estado sa loob ng aking pag-iisip na kung saan maaari kong maabot ang pagsasanay na mga birtud, at mayroong hindi mabilang na mga mababang estado ng pag-iisip kung saan ako ay patuloy na nahuhulog sa mga bisyo



ੳੳੳ ੳੳੳ ਭਾਲਿ ਥਕੇ ਵੇਦ ਕਹਨਿ ਇਕ ਵਾਤ ॥

oRak oRak bhaal thake vedh kahan ik vaat ||

Ang isip ay namamahinga mula sa patuloy na paglalakbay na pataas at pababa lamang kapag ito ay nakikinig at tinatanggap ang Panloob na Kabanalam.

ਸਹਸ ਅਠਾਰਹ ਕਹਨਿ ਕਤੇਬਾ ਅਸੁਲੂ ਇਕੁ ਧਾਤੁ ॥

sahas aThaareh kahan katebaa asuloo ik dhaat ||

Sa sandaling ang aking isip ay huminto sa pagbibilang ng mga panlabas na sukduhan ng paglikha at nagsimulang makinig sa panloob na Banal

ਲੇਖਾ ਹੋਇ ਤ ਲਿਖੀਐ ਲੇਖੇ ਹੋਇ ਵਿਣਾਸੁ ॥

lekhaa hoi ta likheeaai lekhai hoi vinaas ||

Ay doon lamang magtatapos ang lahat ng pagtakbo at paglaboy-laboy, at doon napagtanto na walang magandang makakamit mula sa lahat ng mga gannong kalkulasyon.

ਨਾਨਕ ਵਡਾ ਆਖੀਐ ਆਪੇ ਜਾਣੈ ਆਪੁ ॥੨੨॥

naanak vaddaa aakheeaai aape jaanai aap ||22||

Sa halip ang pag-iisip na ito ay nagiging tunay na matalino kapag (sa halip na subukang hanapin ang dulo ng panlabas na mundo) sinisimulan nitong hanapin ang sarili nitong panloob sa sarili (na ang lahat ng masama ay nanggaling sa aking sariling kamalayan at kailangan itong puksain mula sa kalooban)



ਸਾਲਾਹੀ ਸਾਲਾਹਿ ਏਤੀ ਸੁਰਤਿ ਨ ਪਾਈਆ ॥

saalaahē saalaeh etee surat na paieeaa ॥

Hindi natin maaaring makuha o maunawaan ang Banal na Kautusan o Kabutihan sa mga usapan lamang

ਨਦੀਆ ਅਤੇ ਵਾਹ ਪਵਹਿ ਸਮੁੰਦਿ ਨ ਜਾਣੀਅਹਿ ॥

nadheea atai vaeh paveh samu(n)dh na jaane'eeh ॥

Para dito kailangan nating pagsamahin o ipasailalim ang kabuuan ng ating kamalayan sa panloob na banal, tulad ng pagsasama ng mga ilog sa karagatan at iwanan ang kanilang sariling pagkakakilanlan

ਸਮੁੰਦ ਸਾਹ ਸੁਲਤਾਨ ਗਿਰਹਾ ਸੇਤੀ ਮਾਲੁ ਧਨੁ ॥

samu(n)dh saeh sulataan girahaa setee maal dhan ॥

Ang karagatan ng Banal na Karunungan ay puno ng mga kayamanan ng mga Banal na Kabutihan.

ਕੀੜੀ ਤੁਲਿ ਨ ਹੋਵਨੀ ਜੇ ਤਿਸੁ ਮਨਹੁ ਨ ਵੀਸਰਹਿ ॥੨੩॥

keeRee tul na hovanee je tis manahu na veesareh ॥23॥

Kapag ang isang tao ay isinasaloob ang Banal na Kaayusan na may ganap na pagpapakumbaba at pagpapasakop, ang kanyang buhay ay lalago nang walang katulad.

ਅੰਤੁ ਨ ਸਿਫਤੀ ਕਹਣਿ ਨ ਅੰਤੁ ॥

a(n)t na sifatee kahan na a(n)t ॥

Napagtatanto ng gayong mapagpakumbabang isip na hindi mahahahap ng isang tao ang katapusan ng kaluwalhatian ng Panginoon sa mga salita



ਅੰਤੁ ਨ ਕਰਣੈ ਦੇਣਿ ਨ ਅੰਤੁ ॥

a(n)t na karanai dhen na a(n)t ॥

Hindi ko kailanman masusuklian ang lahat ng ibinibigay sa akin ng Panginoon maging sa looban man o sa panlabas.

ਅੰਤੁ ਨ ਵੇਖਣਿ ਸੁਣਣਿ ਨ ਅੰਤੁ ॥

a(n)t na vekhan sunan na a(n)t ॥

Maaari kong sabihin o ilarawan siya na malaki ngunit hinding-hindi ko mahahanap ang katapusan ng kanyang kaluwalhatian sa aking sarili.

